ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

# SOSYO-KULTURAL NA PAGSUSURI NG MGA HUGOT LINES SA FILIPINO: BATAYAN SA PAGPAPAUNLAD NG PANG-UNAWA

**Bob J. Huilar Jr.[1], Raymund L. Santiago[2]**
[1]DepEd – Negros Occidental, [2]La Carlota City College, Philippines

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra31356**
**DOI No: 10.36713/epra31356**

## ABSTRAK

*Upang matukoy ang papel ng mga "hugot lines" sa wikang Filipino sa pagpapaunlad ng pang-unawa ng mga mamamayan sa modernong lipunan, ang pag-aaral na ito ay nagsasagawa ng isang sosyo-kultural na pagsusuri sa paksa. Ang layunin ng pag-aaral ay suriin ang mga lantarang paksa, kultural na kahulugan, at panlipunang konteksto na nakapaloob sa mga sikat na hugot lines mula sa kay Miriam Defensor Santiago. Ang pag-aaral ay isinasagawa sa taong panuruang 2026-2027, sa pamamagitan ng isang kwalitatibong disenyong deskriptibo upang masusing mapag-aralan ang hugot lines sa kanilang sosyo-kultural na konteksto at ang epekto nito sa kasanayan sa pagbigkas. Ang paraan sa pagkuha ng datos ay isang talatanungan ng mga piniling hugot lines upang matiyak ang katumpakan,pagiging epektibo, at kredibilidad ng mga datos na nakolekta. Ang talatanungan ay nakatuon sa malalim na pagkuha ng pananaw tungkol sa sosyu-kultural na kahulugan ng hugot lines at sa kansanayan sa pagbigkas nito.Ang mga tanong ay nakasentro sa mga temang nais talakayin, gaya ng papel ng hugot lines sa kultura, mga karanasan sa paggamit sa kontekstong sosyal.Ang mga tanong ay hindi malabo o nakalilito upang maiwasan ang maling interpretasyon, nakaayos a lohikal na pagkakasunod-sunod upang masundan ng maayos.Ang tanong ay hindi nagdulot ng bias at nakaengganyo sa kalahok na magbahagi ng nang bukas.Nakatulong ang mga open-ended na tanong upang makakuha ng malawak na datos at pananaw.Batay sa resulta ng pagsusuri, sa pamamagitan ng talinhaga, tayutay,teman at konteksto, natuklasan na mga hugot lines ay hindi lamang nakakatawa o nakakaaliw, kundi nagsisilbing makabuluhang pahayag sa karanasan ng mga Filipino sa larangan ng pag-ibig.Ito ay nagsisilbing makabagong anyo ng panitikan na nag-uugnay sa tradisyunal na pagpapahayag ng damdamin sa modernong kultura ng kabataan, at gawing batayan ang resulta ng pag-aaral sa pagbuo ng mga programang pang-edukasyon.*

**MGA SUSING SALITA:** *Hugot Lines; Wikang Filipino; Sosyo-Kultural na Pagsusuri; Modernong Lipunan; Kultura; Talinhaga at Tayutay; Pagpapahayag ng Damdamin; Panitikang Filipino; Kasanayan sa Pagbigkas.*

## INTRODUKSYON

Sa patuloy na pag-unlad ng makabagong pakikipag-ugnayan, nagiging mahalaga ang pag-unawa sa mga elementong sosyo-kultural na nagsisilbing pundasyon ng komunikasyon sa lipunang Pilipino. Isa sa mga makabagbag-damdaming anyo ng pagpapahayag na sumasalamin sa emosyon, karanasan, at saloobin ng mga Pilipino ay ang tinatawag na "hugot lines." Ang mga hugot lines ay karaniwang mga maikling pahayag o kasabihan na naglalaman ng malalim na emosyon, karanasan, o saloobin hinggil sa pag-ibig, pagkakaibigan, at iba pang aspektong panlipunan (De Guzman, 2022). Sa kabila ng kanilang simpleng anyo, ang mga ito ay nagsisilbing salamin ng sosyo-kultural na kalagayan at mga paniniwala ng mga Pilipino.

Sa kasalukuyan, naging isang mahalagang bahagi ang hugot lines sa pagpapahayag ng damdamin sa iba't ibang plataporma tulad ng social media, pelikula, at palabas sa telebisyon (Luna, 2023). Ito ay nagsisilbing paraan upang mapalalim ang pag-unawa sa mga panlipunang isyu, kultura, at mga kaugalian na umiiral sa lipunan. Ang kanilang papel sa pagpapalaganap ng kultura at pagpapahayag ng saloobin ay nagsisilbing pundasyon sa pag-aaral ng sosyo-kultural na konteksto ng Filipino.

Samantala, ang pagbigkas ay isang kasanayan na naglalayong mapabuti ang kakayahan ng isang indibidwal na makipagkomunikasyon nang malinaw, epektibo, at may kumpiyansa (Martinez, 2021). Ang pag-aaral sa tamang pagbigkas ay mahalaga hindi lamang para sa wastong pagpapahayag, kundi pati na rin sa pag-unawa sa mga sosyo-kultural na aspeto ng isang lipunan. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa hugot lines, maaaring mas mapalalim ang kasanayan sa pagbigkas dahil ito ay naglalaman ng mga emosyonal na pahayag na kailangang maipahayag nang may tamang tono, diin, at ekspresyon.

Layunin ng pananaliksik na ito na suriin ang sosyo-kultural na kabuluhan ng mga hugot lines sa Filipino at ang kanilang papel bilang batayan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbigkas. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pahayag na ito, inaasahang makatutulong ito sa mga guro, mag-aaral, at manunulat sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa oral na pagpapahayag, at sa mas malalim na pag-unawa sa kultura at lipunang Pilipino.

Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay naglalayong maging daan upang mapalawig ang kaalaman sa sosyo-kultural

na dimensyon ng hugot lines at ang kanilang kontribusyon sa paglinang ng kasanayan sa pagbigkas sa Filipino..

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay may layuning suriin ang ugnayan sa pagitan ng sosyo-kultura at ng mga hugot lines upang makatulong sa paglinang ng kasanayan sa pagbigkas ng Filipino, na nakaugat sa mas malalim na pang-unawa sa kontekstong panlipunan at kultural ng mga Pilipino.

Ang mga sumusunod na katanungan ay mga pangunahing suliranin na nais tugunan sa pananaliksik na ito:

1. Anu-ano ang mga salik na sosyo-kultural na nakaaapekto sa paraan ng pagpapahayag at pagtanggap sa hugot lines batay sa;
   a. talinhaga
   b. tema
   c. kontekstong sosyal
   d. kontekstong kultural?
2. Paano nakatutulong ang pagsusuri sa sosyo-kultural na aspeto ng hugot lines sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbigkas sa Filipino?
3. Ano ang programang bubuuin sa pagpapaunlad ng/sa pagtuturo ng Filipino (Pagpapaunlad ng pag. unawa).

## METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong deskriptibong disenyo upang masuri at maunawaan ang sosyo-kultural na konteksto, kahulugan, at mga elementong pangwika na nakapaloob sa mga hugot lines, gayundin ang kaugnayan nito sa kasanayan sa pagbigkas. Binubuo ang mga kalahok ng sampung (10) piling guro sa departamento ng Filipino na pinili sa pamamagitan ng purposive sampling batay sa kanilang kaalaman at karanasan sa wika, panitikan, at kulturang Pilipino. Bilang instrumento, ginamit ang semi-structured na gabay na naglalaman ng sampung (10) piling hugot lines ni Miriam Defensor-Santiago at mga open-ended na tanong tungkol sa talinghaga, tayutay, tema, at kontekstong sosyal at kultural. Sinuri ang instrumento upang matiyak ang kalinawan, kaangkupan, pagiging walang kinikilingan, at bisa nito. Sa pangangalap ng datos, kumuha ng kinakailangang pahintulot mula sa Dibisyon ng Negros Occidental at sa punungguro ng paaralan, habang isinasaalang-alang ang pahintulot at dignidad ng mga kalahok. Sa pagsusuri ng datos, isinagawa ang pagpili at paghahanda ng datos, pagbuo ng kategorya at tema, coding, sosyo-kultural na pagsusuri, pag-uugnay sa kasanayan sa pagbigkas, at interpretasyon at sintesis ng mga natuklasan upang matukoy kung paano nagsisilbing salamin ng kulturang Pilipino ang hugot lines at kung paano ito nakatutulong sa pagpapahusay ng tono, ekspresyon, kumpiyansa, at iba pang kasanayan sa pagbigkas.

## RESULTA

**Pagsusuri ng Tema ng mga Hugot Lines**

Mula sa mga aklat at talumpati ni Miriam Defensor Santiago, lumitaw ang iba't ibang dimensyon ng pag-ibig; pag-ibig bilang inspirasyon, ginagamit niya ang wika ng pag-ibig upang magbigay ng pag-asa. Inilarawan din ang pag-ibig bilang hamon, komplikasyon ng relasyon, na nagsisilbing aral sa kabataan. Panghuli, pag-ibig at katatawanan; ang humor ay nagiging tulay upang maipahayag ang masalimuot na damdamin nang magaan.

Mula sa mga hugot lines ni Miriam Defensor Santiago, lumitaw ang iba't ibang mukha ng pag-ibig:

1. Pag-ibig bilang pangako – "Dalawang beses lang naman kita gustong makasama; now and forever." Nagpapakita ng walang hanggang pagnanais na makasama ang minamahal.
2. Pag-ibig bilang pagbibigay – "Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako." Ipinapakita ang konsepto ng pag-ibig bilang mutual na pagbibigay at pagtanggap.
3. Pag-ibig na walang hanggan – "Ang pag-ibig ko parang langka, langkatapusan." Gumagamit ng metapora upang ipakita ang walang katapusang damdamin.
4. Pag-ibig at katotohanan – "Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo." Nagpapakita ng realidad na hindi lahat ng matamis na salita ay totoo.
5. Pag-ibig bilang palaisipan – "Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang." Ang damdamin ng paghanga ay inihahalintulad sa isang problemang mahirap lutasin. Hindi lahat ng tanong ay may kasagutan, tulad ng hindi lahat ng crush ay nagiging pag-ibig na natutugunan.
6. Pag-ibig at prioridad – "Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority." Ang pagiging "busy" ay maaaring makatotohanan, ngunit maaari ring palusot kapag hindi ka kabilang sa kanyang prayoridad.
7. Pag-ibig at kabiguan – "Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package." Ipinapakita ang inseparability ng pag-ibig at sakit.
8. Pag-ibig at ilusyon – "Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala." Nagpapakita ng pagkabulag ng damdamin.
9. Pag-ibig at maling tao – "Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin." Nagbibigay-diin sa tamang pagpili ng minamahal.
10. Pag-ibig at pagiging convenient – "May mga taong mahal ka lang kapag convenient." Nagpapakita ng kondisyonal na pagmamahal.

Mga Uri ng tayutay at kahulugan nito:

1. Pagtutulad (Simile)-Paghahambing ng dalawang magkaibang bagay gamit ang mga salitang tulad ng, parang, animo, gaya ng, at iba pa.
2. Pagwawangis (Metapora)- Tuwirang paghahambing ng dalawang bagay nang hindi gumagamit ng mga salitang paghahambing.
3. Pagbibigay-katauhan (Personipikasyon)-Pagbibigay ng katangian o kilos ng tao sa mga bagay, hayop, o pangyayaring walang buhay.
4. Pagmamalabis (Hiperbole)-Lubhang pinalalabis ang pahayag upang maging mas mabisa o makahulugan.
5. Paghihimig (Onomatopeya)-Paggamit ng mga salitang ginagaya ang tunog ng tao, hayop, o bagay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

6. 6.Pagtawag (Apostrope)- Pakikipag-usap o pagtawag sa isang taong wala roon, yumao na, o sa isang bagay na tila ito ay nakikinig.
7. Pagpapalit-saklaw (Sinekdoke)-Paggamit ng bahagi upang tukuyin ang kabuuan o kabuuan upang tukuyin ang bahagi.
8. Pagpapalit-tawag (Metonomiya)-Pagpapalit ng katawagan batay sa kaugnayan ng dalawang bagay.
9. Pagtanggi (Litotes)- Pahayag na gumagamit ng pagtanggi upang ipahiwatig ang kabaligtaran o higit pang kahulugan.
10. Pang-uuyam (Ironiya)-Pahayag na ang tunay na kahulugan ay kabaligtaran ng literal na sinabi.
11. Pagtatanong (Retorikal na Tanong)-Tanong na hindi inaasahang sasagutin dahil ang sagot ay malinaw na.
12. Pag-uulit (Anapora)-Paulit-ulit na paggamit ng salita o parirala sa simula ng mga taludtod o pangungusap upang bigyang-diin ang diwa.
13. Pagsasalungatan (Oksimoron)-Pinagsasama ang dalawang salitang magkasalungat ang kahulugan.
14. Pagpapalit-palagay (Analohiya)-Paghahambing ng dalawang magkaibang bagay batay sa kanilang pagkakatulad ng ugnayan o gamit.
15. Pagsalungat (Paradoha)-Pahayag na tila salungat sa katotohanan ngunit may malalim na kahulugan.

**Pagsusuri sa Kasagutan ng Bawat Kalahok**

Narito ang pagsusuri sa kasagutan ng Kalahok 1 sa bawat hugot lines, talinhaga nito, tayutay, tema, at ang konteksto nito.

Sa unang hugot line, "Dalawang beses lang naman kita gustong makasama: now and forever." Lumabas sa pagsususri ng mga sumusunod na elementong sa;

1. Talinhaga-ay pagmamalabis,pinalalabis ang tagal ng pagsasama.
2. Tema -pag-ibig, katapatan, at pangmatagalang relasyon.
3. Kontekstong sosyal -ipinapakita ang paghahangad ng mga tao sa matatag at serysosong relasyon.
4. Kontekstong kultural- repleksyon ng kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa wagas at panghabambuhay na pagmamahalan.

Sa ikalawang hugot line, "Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako."

1. Talinhaga ay metapora, inihahambing ang pagmamahalan sa palitan ng regalo.
2. Tema ay pag-ibig, pagtitiwala, pagbibigay ng sarili.
3. Kontekstong sosyal,nagkakaroon ng kagustuhang ng mutual na pagmamahalan at commitment.
4. Kontekstong kultural ito ay nakaugat sa kulturang Pilipino ng pagbibigayan lalo na tuwing Kapaskuhan.

Sa ikatlong hugot line, "Ang pag-ibig ko parang langka… LANGKAtapusan."

1. 1.Talinhaga ay paghahambing gamit ang salitang "parang."
2. 2.Tema-pag-ibig, kabiguan, hindi natuloy na relasyon.
3. Kontekstong sosyal ay ipinapakita ang karanasan ng mga kabataan sa biglaang pagtatapos ng relasyon.
4. Kontekstong kultural ay gumagamit ng biro at salita ("langka = lang ka") na karaniwang estilo ng humor ng Pilipino.

Sa ikaapat na hugot line, "Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo. Tandaan: sweet nga ang candy, pero nakabalot naman sa plastic."

5. 1.Talinhaga- metapora at pagtutulad ,inihahambing ang tao sa candy.
6. 2.Ang tema-pag-ibig, panloloko, hindi pagiging tapat.
4. Ang kontekstong sosyal, ipinapakita ang karanasan ng mga kabataan sa relasyon , lalo na sa mga taong nagpapakita ng ng sweetness pero hindi seryoso.
5. Kontekstong kultural ito repleksyon ng kabataan sa social media kung saan madalas ginagamit ang hugot lines.

Sa ikalimang hugot line, "Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang."

1. Talinhaga ay paghahambing gamit ang salitang "parang."
2. Tema - pag-ibig, paghanga, kalituhan sa damdamin.
3. Kontekstong sosyal, nagpapakita ng pagkakaroon ng crush sa isang tao pero hirap kang unawain.
4. Kontekstong kultural,nagpapakita ng pagiging malikhain ng mga Pilipino sa pang-araw araw na bagay tulad ng math.

Sa ika-anim na hugot line, "Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority."

1. Talinhga , pagtatambis – "minsan totoo… minsan hindi."
2. Tema - ay pag-ibig, pagpapahalaga, pagiging hindi prayoridad.
3. Kontekstong sosyal na karaniwan sa modernong relasyon kung saan ginagamit bilang dahilan.
4. Kontekstong kultural,repleksyon ng modernong relasyon kung saan ginagamit ang "busy" bilang palusot sa chat o text.

Sa ikapitong hugot line, "Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package."."

1. Talinhaga ay metapora ,inihalintulad ang pag-ibig sa isang package.
2. Tema - pag-ibig, sakripisyo, sakit.
3. Kontekstong sosyal,nagpapakita ng realidad na hindi laging masaya ang relasyon
4. Kontekstong kultural,paniniwala ng Pilipino na ang pag-ibig ay may kasamang hirap at pagtitiis.

Sa ikawalong hugot line, "Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala."

1. Talinhaga ay metapora – hindi literal na bulag kundi emosyonal.
2. 2.Tema ay pag-ibig, ilusyon, pagtanggi sa katotohanan.

3. Kontekstong sosyal, maraming tao ang nanatili sa maling relasyon kahit may malinaw na problema.
4. Kontekstong kultural na kilalang kasabihan na bahagi ng kulturang Pilipino.

Sa ikasiyam na hugot line, "Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin."

1. Talinhaga,pag-uulit, binibigyang-diin ang kawalan ng pagkakataong maging tama.
2. Ang tema -pagtanggap sa realidad at pagpapalaya.
3. Kontekstong sosyal,sumasalamin sa pakikipagkapwa tao na madalas nating piliin ang mga bagay o tao na hindi sa atin dahil sa takot na mapag-isa
4. Kontekstong kultural nito ay sumasalamin sa paniniwala ng Pilipino sa "tamang tao" at "tamang panahon."

Sa huling hugot line, "May mga taong mahal ka lang kapag convenient."

1. Talinhaga- implicit na pagtutulad,inihahambing ang pag-ibig sa transaksyong may kondisyon.
2. Ang tema ay katapatan laban sa pansariling kapakanan.
3. Ang kontekstong sosyal- tumutukoy sa modernong relasyon na naapektuhan ng materyalismo at pagiging praktikal.
4. Kontekstong kultural binibigyang diin ang kulturang Pilipino na lubos na nagpapahalaga sa katapatan at sakripisyo.

Narito ang pagsusuri sa kasagutan ng Kalahok 2 sa bawat hugot lines, talinhaga nito, tayutay, tema, at ang kontekstong sosyal at kultural nito.
Ang unang hugot line na "Dalawang beses lang naman kita gustong makasama: now and forever"

1. Talinhaga ay pagmamalabis dahil pinalalabis ang tagal ng pagsasama.
2. Ang tema ay pag-ibig na panghabambuhay,
3. Kontekstong sosyal, pagkukunwaring tinitipid ang oras na magkasama pero hindi niya namamalayan na habang buhay na pala silang magkasama.
4. Kontekstong kultural, ito ay simbolo ng kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa wagas na pagmamahalan na hindi nauubos.

Sa ikalawang hugot line na "Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako",

1. Talinhaga ay metapora dahil inihahambing ang pagmamahalan sa palitan ng regalo.
2. Tema ay pag-ibig na walang kapalit,
3. Kontekstong sosyal, pabibigay label sa isang relasyon
4. kontekstong kultural ay nakaugat sa kulturang Pilipino kung saan kapag nagmahal ay buong sarili ang ibinibigay, na kaugnay din ng tradisyon ng pagbibigayan tuwing Kapaskuhan.

Sa ikatlong hugot line na "Ang pag-ibig ko parang langka… LANGKAtapusan",

1. Talinhaga ay pagmamalabis dahil sino nga ba ang mag-aalay ng pag-ibig na walang katapusan.
5. 2.Ang tema ay pag-ibig na walang hanggan,
2. Kontekstong sosyal, ugaling Pilipino na pagkahilig sa paglalandian.
3. Kontekstong kultural ay nakaugat sa kulturang Pilipino na tumitingin sa panloob na kagandahan kaysa panlabas na anyo, gaya ng paggamit ng langka sa iba't ibang pagkain.

Sa ikaapat na hugot line na "Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo. Tandaan: sweet nga ang candy, pero nakabalot naman sa plastic", 1

1. Talinhaga ay metapora dahil inihahambing ang tao sa candy.
   Tema ay panloloko at hindi pagiging tapat,
2. Kontekstong sosyal,panahon ng social media at fling culture kung saan maraming kabataan ang dumaraan sa ganitong sitwasyon.
3. Kontekstong kultural ugaling Pilipino na tumitingin sa loob na kaanyuan kaysa sa panglabas

Sa ikalimang hugot line na "Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang",

1. Talinhaga ay pagtutulad gamit ang salitang "parang."
2. Tema y paghanga mula sa malayo,
3. Kontekstong sosyal ay relatable sa kabataan, lalo na sa Gen Z,
4. Kontekstong kultural , madalas nakakaranas ng "ligaw-tingin" sa kulturang Pilipino.

Sa ika-anim na hugot line na "Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority", Talinhaga ay pagpapalit-saklaw dahil ipinapakita ang iba't ibang bahagi ng buhay na inuuna.

1. Tema ay realidad ng pag-ibig na may halong kataksilan.
2. Kontekstong sosyal kaugnay ng modernong relasyon sa chat at dating apps kung saan madalas ginagamit ang "busy" bilang dahilan.
3. Kontekstong kultural ay pakipot at paasa

Sa ikapitong hugot line na "Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package",

1. Talinhaga ay metapora dahil inihalintulad ang pag-ibig sa isang produkto na may freebies.
2. Tema ay sakripisyo at sakit,
3. Kontekstong sosyal ang ugaling pagmamadali na sa huli ay masasaktan.
5. Kontekstong kultural ay paniniwala ng Pilipino na ang pag-ibig ay may kasamang hirap at pagtitiis.

Sa ikawalong hugot line na "Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala",

1. Talinhaga ay personipikasyon dahil binigyan ng katangian ng bulag ang pag-ibig.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

2. Tema ay ilusyon at pagtanggi sa katotohanan,
3. Ang kontekstong sosyal, pagiging bulag sa katotohanan.
4. Kontekstong kultural ay kaugnay ng kulturang Pilipino na madalas nagiging martir sa pag-ibig.

Sa ikasiyam na hugot line na "Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin",

1. Talinhaga ay pag-uulit na binibigyang-diin ang kawalan ng pagkakataong maging tama.
2. Tema ay pagtanggap sa katotohanan at pagpapalaya,
3. Kontekstong sosyal,pagpilit ng isang bagay kahit mali.
4. Kontekstong kultural ay ugaling Pilipino na ipinipilit ang isang bagay na mali at hidi dapat.

Sa huling hugot line na "May mga taong mahal ka lang kapag convenient",

1. Talinhaga ay pang-uuyam dahil masakit ngunit totoo.
2. Tema ay conditional love at katapatan laban sa pansariling kapakanan.
3. Kontekstong sosyal, mga taong mapagpanggap.
4. Kontekstong kultural ay tumutukoy sa modernong relasyon na naapektuhan ng materyalismo at pagiging praktikal, na taliwas sa pagpapahalaga ng kulturang Pilipino sa wagas na pagmamahal.

Narito ang pagsusuri sa kasagutan ng Kalahok 3 sa bawat hugot lines, talinhaga nito, tayutay, tema, at ang konteksto nito.

Ang unang hugot line na "Dalawang beses lang naman kita gustong makasama: now and forever" ay nagpapakita ng

1. Ang talinhaga na ginamit ay pagsalungat o oxymoron, sapagkat ginamit ang "dalawang beses" ngunit ang kahulugan ay walang hanggan.
2. Ang tema ay walang hanggang pagmamahal at katapatan.
3. 3.Sa konteksto sosyal, madalas itong gamitin sa panliligaw o modernong pakikipagtalastasan ng kabataan sa hugot culture
4. Sa kontekstong kultural na sumasalamin sa pagpapahalaga ng Pilipino sa pangmatagalang relasyon.

Sa ikalawang hugot line na "Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako",

Ang talinhaga ay metapora dahil itinuring ang kapareha bilang regalo.

1. Ang tema ay pag-ibig na may palitan at pagmamay-ari sa isa't isa.
2. 3.Sa kontekstong sosyal, ito ay karaniwang naririnig tuwing panahon ng pasko o okasyon palitan ng regalo.
3. Ang kontekstong kultural,kaugnay ito ng tradisyon ng mga Pilipino sa pagbibigayan ng regalo tuwing Pasko, na nagpapakita ng kultura ng pagbibigay at pagmamahalan.

Sa ikatlong hugot line na "Ang pag-ibig ko parang langka… LANGKAtapusan",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad gamit ang salitang "parang."
2. Ang tema ay karapatan at walang katapusang pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay kaugnay ng pick-up lines at birong may hugot na karaniwang nakikita sa social media
4. Sa kontekstong kultural na nagpapakita ng hilig ng mga Pilipino sa wordplay at pag-uugnay ng pagkain sa emosyon.

Sa ikaapat na hugot line na "Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo. Tandaan: sweet nga ang candy, pero nakabalot naman sa plastic"

1. Ang talinhaga ay metapora dahil itinulad ang tao sa plastic.
2. Ang tema ay kataksilan at mapanlinlang na pag-uugali.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay babala sa lipunan laban sa mga mapagkunwari
4. Sa Kontekstong kultural, na kaugnay ng kulturang Pilipino kung saan ang salitang "plastic" ay kolokyal na termino para sa mapagpanggap.

Sa ikalimang hugot line na "Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad gamit ang salitang "parang."
2. Ang tema ay paghanga mula sa malayo.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay relatable sa mga kabataang nahihirapan sa akademiks at sa pag-ibig
4. 4.kontekstong kultural, na sumasalamin sa kulturang Pilipino ng pagiging torpe o tahimik na humahanga.

Sa ika-anim na hugot line na "Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority",

1. Ang talinhaga ay ironiya dahil sinasabing totoo ngunit may banayad na pagbawi sa dulo. 2. Ang tema ay realidad ng relasyon kung saan hindi ikaw ang inuuna.
2. Sa kontekstong sosyal, ito ay sumasalamin sa modernong pakikipagrelasyon kung saan madaling magdahilan gamit ang teknolohiya.
3. Sa kontekstong kultural, kaugnay ng konsepto ng prayoridad sa kulturang Pilipino.

Sa ikapitong hugot line na "Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package",

1. Ang talinhaga ay metapora dahil itinuring ang pag-ibig bilang isang "package deal" na may kasamang sakit.
2. Ang tema ay sakripisyo at realidad ng pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal, paalala sa mga taong sumusugal sa pag-ibig sa kabila ng takot.
4. Sa kontekstong kultural ,kaugnay ng kulturang Pilipino na kilala sa pagiging matatag at marubdob magmahal.

Sa ikawalong hugot line na "Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala",

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

1. Ang talinhaga ay personipikasyon dahil binigyan ng katangiang pantao ang pag-ibig bilang "blind."
2. Ang tema ay denial o pagbubulag-bulagan sa pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay madalas na obserbasyon sa mga taong nananatili sa relasyon kahit maraming red flags
4. Sa kontekstong kultural na kaugnay ng kulturang Pilipino na madalas nagiging martir sa pag-ibig.

Sa ikasiyam na hugot line na "Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin",

1. Ang talinhaga ay pag-uulit ng salitang "mali" upang bigyang-diin ang punto.
2. Ang tema ay pagtanggap sa katotohanan at tadhana.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay paalala laban sa toxic relationships
4. Sa kontekstong kultural na kaugnay ng paniniwala ng mga Pilipino sa kapalaran at tamang panahon.

Sa huling hugot line na "May mga taong mahal ka lang kapag convenient",

1. Ang talinhaga ay pauyam dahil ipinapakita ang ironiya ng pag-ibig na dapat ay tapat ngunit may kondisyon.
2. Ang tema ay mapagsamantalang pag-ibig at huwad na relasyon.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay babala laban sa mga mapagpanggap na kaibigan o kasintahan
4. Sa kontekstong kultural na kaugnay ng kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa tunay na pagsasama sa hirap at ginhawa.

Narito ang pagsusuri sa kasagutan ng Kalahok 4 sa bawat hugot lines, talinhaga nito, tayutay, tema, at ang konteksto nito.
Ang unang hugot line na "Dalawang beses lang naman kita gustong makasama: now and forever" ay nagpapakita ng

1. Ang talinhaga na ginamit ay pagmamalabis o hyperbole, sapagkat pinalalabis ang tagal ng pagsasama.
2. Ang tema ay walang hanggang pagmamahal at katapatan.
3. Sa kontekstong sosyal, ginagamit ito bilang pangako sa pagitan ng magkasintahan o mag-asawa.
4. 4.Kontekstong kultural na sumasalamin sa pagpapahalaga ng mga Pilipino sa pangmatagalang relasyon.

Sa ikalawang hugot line na "Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako",

1. Ang talinhaga ay metapora dahil itinulad ang kapareha sa isang regalo.
2. Ang tema ay pag-aalay ng sarili at lubos na pagmamahal.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay madalas gamitin sa magagaan na usapan o panliligaw,
4. Sa kontekstong kultural ,sumasalamin sa paniniwala ng mga Pilipino na ang tunay na yaman sa relasyon ay ang sarili at katapatan, hindi materyal na bagay.

Sa ikatlong hugot line na "Ang pag-ibig ko parang langka… LANGKAtapusan",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad gamit ang salitang "parang."
2. Ang tema ay walang katapusang pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay nakakaaliw at madaling tandaan bilang pick-up line na ginagamit sa pakikipagrelasyon.
4. Sa kontekstong kultural na nagpapakita ng hilig ng mga Pilipino sa paggamit ng pamilyar na prutas upang ipahayag ang wagas na damdamin.

Sa ikaapat na hugot line na "Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo. Tandaan: sweet nga ang candy, pero nakabalot naman sa plastic",

1. Ang talinhaga ay paghahambing o simile.
2. Ang tema ay paglalantad sa tunay na katangian at katapatan.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay paalala sa pakikipagkaibigan at pakikipagrelasyon na huwag magpadala sa panlabas na anyo
4. Sa kontekstong kultural na kaugnay ng kulturang Pilipino kung saan ang salitang "plastic" ay ginagamit bilang kolokyal na termino para sa mapagpanggap.

Sa ikalimang hugot line na "Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang",

1. Ang talinhaga ay metapora dahil itinulad ang crush sa math problem.
2. Ang tema ay paghanga mula sa malayo at pagtanggap sa katotohanan.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay karaniwang pahayag ng mga kabataan tungkol sa paghanga
4. Sa kontekstong kultural na nagpapakita ng katangiang Pilipino ng pagtanggap sa katotohanan at paggalang.

Sa ika-anim na hugot line na "Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority",

1. Ang talinhaga ay paglilinaw o pagpapakalugan, dahil ipinapakita ang dalawang posibilidad.
2. Ang tema ay realidad ng relasyon kung saan hindi ikaw ang inuuna.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay paalala sa mga relasyon na nakabatay sa komunikasyon at pagpapahalaga.
4. Sa kontekstong kultural na kaugnay ng kulturang Pilipino na nagbibigay-diin sa respeto at tamang prayoridad sa kapwa.

Sa ikapitong hugot line na "Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package",

1. Ang talinhaga ay metapora dahil itinulad ang pag-ibig sa isang package deal na may kasamang sakit.
2. Ang tema ay sakripisyo at katotohanan ng pagmamahal.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay paalala sa mga taong handang sumugal sa pag-ibig
4. Sa kontekstong kultural na kaugnay ng kulturang Pilipino na pinapahalagahan ang prinsipyo ng pagtitiis kahit sa gitna ng hirap.

Sa ikawalong hugot line na "Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala",

1. Ang talinhaga ay kasabihan o idyoma, dahil ito ay kilalang pahayag.
2. Ang tema ay bulag na pagmamahal at pagtanggi sa katotohanan.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay madalas na obserbasyon sa mga taong nananatili sa relasyon kahit may red flags
4. Sa kontekstong kultural na kaugnay ng kulturang Pilipino na kilala sa pagiging martir sa pag-ibig.

Sa ikasiyam na hugot line na "Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin",

1. Ang talinhaga ay pag-uulit ng salitang "mali" upang bigyang-diin ang punto.
2. Ang tema ay pagtanggap sa katotohanan at pagpili ng tamang kapareha.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay paalala sa mga relasyon na huwag ipilit ang hindi talaga para sa iyo
4. Sa kontekstong kultural na kaugnay ng paniniwala ng mga Pilipino sa tamang tao at tamang panahon.

Sa huling hugot line na "May mga taong mahal ka lang kapag convenient",

1. Ang talinhaga ay pauyam dahil ipinapakita ang ironiya ng pag-ibig na dapat ay tapat ngunit may kondisyon.
2. Ang tema ay mapagsamantalang pag-ibig at huwad na relasyon.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay babala laban sa mga mapagpanggap na kaibigan o kasintahan.
4. Sa kontekstong kultural na kaugnay ng kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa tunay na pagmamahal na walang kondisyon at handang magsama sa hirap at ginhawa.

Narito ang pagsusuri sa kasagutan ng Kalahok 5 sa bawat hugot lines, talinhaga nito, tayutay, tema, at ang konteksto nito.

Ang unang hugot line na "Dalawang beses lang naman kita gustong makasama: now and forever" ay nagpapakita ng

1. Ang talinhaga na ginamit ay pagmamalabis o hyperbole, sapagkat pinalalabis ang damdamin upang ipakita ang tindi ng katapatan.
2. Ang tema ay wagas na pag-ibig at panghabambuhay na samahan.
3. Sa kontekstong sosyal, karaniwang mithiin ito ng kabataan at magkasintahan na magkaroon ng matatag na ugnayan.
4. Sa kontekstong kultural na sumasalamin sa pagpapahalaga ng kulturang Pilipino sa tapat at hindi nagbabagong pagmamahalan.

Sa ikalawang hugot line na "Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako",

1. Ang talinhaga ay metapora dahil inihalintulad ang kapareha sa isang regalo.
2. Ang tema ay pag-aalay ng sarili at wagas na pagbibigayan.
3. Sa kontekstong sosyal, ipinapakita nito ang pananaw na sa tunay na relasyon, ang presensya at pagmamahal ay higit na mahalaga kaysa materyal na bagay
4. Sa kontekstong kultural, kaugnay ng kaugalian ng mga Pilipino sa pusong pagbibigayan tuwing Kapaskuhan.

Sa ikatlong hugot line na "Ang pag-ibig ko parang langka… LANGKAtapusan",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad at paggamit ng salawikain, sapagkat ginamit ang wordplay upang magbigay ng masining na kahulugan.
2. Ang tema ay walang hanggan at wagas na pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay nakakaaliw at madaling tandaan bilang pick-up line na ginagamit sa social media.
4. Sa kontekstong kultural na nagpapakita ng hilig ng mga Pilipino sa paggamit ng pamilyar na prutas upang ipahayag ang damdamin.

Sa ikaapat na hugot line na "Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo. Tandaan: sweet nga ang candy, pero nakabalot naman sa plastic",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad dahil inihalintulad ang tao sa candy.
2. Ang tema ay katapatan at pagkilala sa tunay na intensyon ng kapwa.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay paalala sa makabagong panahon na huwag magpadala sa magagandang salita o kilos
4. Sa kontekstong kultural na sumasalamin sa kulturang Pilipino kung saan ang salitang "plastic" ay ginagamit bilang kolokyal na termino para sa mapagpanggap.

Sa ikalimang hugot line na "Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad gamit ang salitang "parang."
2. Ang tema ay pagtanggap sa pag-ibig at paghanga mula sa malayo.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay karaniwang karanasan ng kabataan sa pagkakaroon ng crush.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino ng pagiging torpe o tahimik na humahanga.

Sa ika-anim na hugot line na "Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority",

1. Ang talinhaga ay idyoma na nagbubunyag ng tunay na kalagayan ng relasyon.
2. Ang tema ay halaga at prayoridad sa buhay ng minamahal.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay paalala sa mga relasyon sa makabagong panahon na puno ng gawain at abala.
4. Sa kontekstong kultural na kaugnay ng kulturang Pilipino na nagbibigay-diin sa respeto at tamang prayoridad sa kapwa.

Sa ikapitong hugot line na "Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package",

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

1. Ang talinhaga ay metapora dahil inihalintulad ang pag-ibig sa isang package na may kasamang pagsubok.
2. Ang tema ay sakripisyo at katotohanan ng pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay paalala na ang pag-ibig ay hindi laging madali at may kasamang hirap.
4. Sa kontekstong kultural na sumasalamin sa katangian ng Pilipino na matibay at handang magtiis para sa minamahal.

Sa ikawalong hugot line na "Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala",

1. Ang talinhaga ay sawikain o pagwawangis, gamit ang kasabihang "love is blind."
2. Ang tema ay kawalan ng katinuan sa pag-ibig at pagtanggi sa katotohanan.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay karaniwang karanasan ng mga taong nananatili sa maling relasyon dahil sa matinding damdamin.
4. Sa kontekstong kultural na kaugnay ng kulturang Pilipino na kilala sa pagiging martir sa pag-ibig.

Sa ikasiyam na hugot line na "Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin",

1. Ang talinhaga ay pag-uulit ng salitang "mali" upang bigyang-diin ang punto.
2. Ang tema ay pagtanggap sa katotohanan at pagbitaw sa maling relasyon.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay paalala na huwag mag-aksaya ng panahon sa mga taong hindi talaga para sa iyo.
4. Sa kontekstong kultural na sumasalamin sa paniniwala ng mga Pilipino sa tadhana at kapalaran.

Sa huling hugot line na "May mga taong mahal ka lang kapag convenient",

1. Ang talinhaga ay pagwawangis dahil inilalarawan ang pag-ibig na nakadepende sa kaginhawaan.
2. Ang tema ay pagkakaiba ng tunay at huwad na pagmamahal.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay babala laban sa mga mapagsamantala at hindi tapat.
4. Sa kontekstong kultural na sumasalamin sa pagpapahalaga ng kulturang Pilipino sa wagas na pagmamahal na walang kondisyon at handang magsama sa hirap at ginhawa.

Narito ang pagsusuri sa kasagutan ng Kalahok 6 sa bawat hugot lines, talinhaga nito, tayutay, tema, at ang konteksto nito.
Ang unang hugot line na "Dalawang beses lang naman kita gustong makasama: now and forever" ay nagpapakita ng

1. Ang talinhaga na ginamit ay paradoks, pagmamalabis, at pagtatambis, na nagpapakita ng magkasalungat na ideya ngunit nagbubunga ng mas malalim na kahulugan.
2. Ang tema ay walang hanggang pag-ibig at katapatan.
3. Sa kontekstong sosyal madalas itong gamitin ng kabataan sa social media bilang pagpapahayag ng damdamin.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino na naniniwala sa konsepto ng "forever" na malalim na nakaugat sa tradisyon ng kasal at panghabambuhay na pagsasama.

Sa ikalawang hugot line na "Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako",

1. Ang talinhaga ay metapora, antitesis, at paralelismo, na nagbibigay ng indayog at ritmo sa pahayag.
2. Ang tema ay mutual na pag-ibig at pagsuko ng sarili.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay madalas gamitin sa kaswal na usapan, panunukso, o panliligaw, at kaugnay ng tradisyon ng Monito-Monita tuwing Pasko.
4. Sa kontekstong kultural Ipinapakita rin nito ang kulturang mapagbigay ng mga Pilipino, kung saan ang pinakamahalagang regalo ay ang sarili.

Sa ikatlong hugot line na "Ang pag-ibig ko parang langka… LANGKAtapusan",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad, palarong-salita, at pagmamalabis.
2. Ang tema ay walang hanggan at wagas na pagmamahal.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay bahagi ng pop culture na ginagamit sa memes at pick-up lines.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa malikhaing paggamit ng lokal na prutas upang ipahayag ang damdamin.

Sa ikaapat na hugot line na "Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo. Tandaan: sweet nga ang candy, pero nakabalot naman sa plastic",

1. Ang talinhaga ay metapora, double entendre, at pagtatambis.
2. Ang tema ay insincerity at babala laban sa huwad na pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay kaugnay ng modernong relasyon sa social media kung saan madalas magpanggap ang tao.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino na gumagamit ng salitang "plastic" bilang kolokyal na termino para sa mapagkunwari.

Sa ikalimang hugot line na "Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad, double entendre, at ironiya.
2. Ang tema ay unrequited love at paghanga mula sa malayo.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay kaugnay ng karanasan ng mga estudyante.
4. Sa kontekstong kultural kultura ng pagiging torpe ng Pilipino, na idinadaan sa biro ang kabiguan sa pag-ibig.

Sa ika-anim na hugot line na "Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority",

1. Ang talinhaga ay pagtatambis at pag-uulit.
2. Ang tema ay pagtanggap sa masakit na katotohanan at usapin ng prayoridad.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

3. Sa kontekstong sosyal, ito ay kaugnay ng modernong komunikasyon sa panahon ng social media.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa oras bilang tanda ng pagmamahal.

Sa ikapitong hugot line na "Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package",

1. Ang talinhaga ay metapora at ironiya.
2. Ang tema ay sakripisyo at katotohanan ng pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay kaugnay ng consumer culture kung saan ginagamit ang wika ng promosyon.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino na naniniwala sa martir na pagmamahal.

Sa ikawalong hugot line na "Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala",

1. Ang talinhaga ay personipikasyon at pagtatambis.
2. Ang tema ay denial at emosyonal na pagtanggi.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay kaugnay ng pop culture at social media
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino na naniniwala sa tadhana at madalas nagiging martir sa pag-ibig.

Sa ikasiyam na hugot line na "Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin",

1. Ang talinhaga ay pag-uulit at pagtatambis.
2. Ang tema ay pagtanggap sa kapalaran at limitasyon ng pagsisikap sa pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay kaugnay ng modernong diskurso sa self-love at moving on.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa paniniwala ng mga Pilipino sa tadhana at "meant to be."

Sa huling hugot line na "May mga taong mahal ka lang kapag convenient",

1. Ang talinhaga ay metapora at pagtatambis.
2. Ang tema ay conditional love at mababaw na katapatan.
3. Sa kontekstong sosyal ito ay kaugnay ng convenience culture ng modernong lipunan at transactional relationships.
4. Sa kontekstong kultural,sumasalamin ito sa kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa pagtutulungan at pakikisama sa hirap at ginhawa, at nagsisilbing pagpuna sa mga taong sumasama lamang sa panahon ng kasaganaan.

Narito ang pagsusuri sa kasagutan ng Kalahok 7 sa bawat hugot lines, talinhaga nito, tayutay, tema, at ang konteksto nito.

Ang unang hugot line na "Dalawang beses lang naman kita gustong makasama: now and forever" ay nagpapakita ng

1. Ang talinhaga na ginamit ay oksimoron, pagmamalabis, at pagtatambis, na nagpapakita ng magkasalungat na ideya ngunit nagbubunga ng mas malalim na kahulugan.
2. Ang tema ay matibay at pangmatagalang pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal na sumasalaminsa mabilis na pag-usbong ng relasyon at sa kagustuhan ng kabataan na magkaroon ng forever.
4. Sa kontekstong kultural ito ay sumasalamin sa kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa pangakong panghabambuhay at sa romantikong pananaw.

Sa ikalawang hugot line na "Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako",

5. 1.Ang talinhaga ay metapora, na nagpapakita ng pagbibigay ng sarili bilang pinakamahalagang handog.
6. 2. Ang tema ay pag-ibig na may kasamang pag-aalay at katapatan.
4. Sa kontekstong sosyal ,ito ay madalas gamitin sa modernong "hugot culture" sa social media.
5. Sa kontekstong kultural na sumasalamin sa kulturang Pilipino na naniniwala na ang tunay na yaman sa relasyon ay ang sarili at sakripisyo.

Sa ikatlong hugot line na "Ang pag-ibig ko parang langka… LANGKAtapusan",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad gamit ang salitang "parang."
2. Ang tema ay wagas at pangmatagalang pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay nagpapakita ng malikhaing paggamit ng pamilyar na prutas sa Pilipinas upang ipahayag ang damdamin.
4. Sa kontekstong kultural na sumasalamin sa hilig ng mga Pilipino sa humor at wordplay.

Sa ikaapat na hugot line na "Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo. Tandaan: sweet nga ang candy, pero nakabalot naman sa plastic",

1. Ang talinhaga ay metapora at paghahalintulad.
2. Ang tema ay pag-iingat sa pagtitiwala at pagkilala sa huwad na pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay sumasalamin sa karanasan ng kabataan sa panlilinlang sa relasyon.
4. Sa kontekstong kultural kaugnay ng kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa katapatan kaysa sa matatamis na salita lamang.

Sa ikalimang hugot line na "Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad gamit ang salitang "parang."
2. Ang tema ay paghanga mula sa malayo at hindi matugon na pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay karaniwang karanasan ng kabataan na nahihirapang umamin.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino ng pagiging torpe at mahiyain sa pag-ibig.

Sa ika-anim na hugot line na "Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority",

1. Ang talinhaga ay pagtatambis dahil ipinapakita ang dalawang magkasalungat na posibilidad.
2. Ang tema ay realidad ng relasyon at usapin ng prayoridad.

3. Sa kontekstong sosyal, ito ay paalala sa mga modernong relasyon kung saan madalas ginagamit ang "busy" bilang dahilan sa chat o text.
4. Sa kontekstong kultural kaugnay ng kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa respeto at tamang prayoridad sa kapwa.

Sa ikapitong hugot line na "Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package",

1. Ang talinhaga ay metapora dahil inihalintulad ang pag-ibig sa isang package na may kasamang dagdag na bahagi.
2. Ang tema ay pagtanggap na may kalakip na pangamba at pagdurusa ang pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay nagpapakita ng karaniwang karanasan ng kabataan sa pagkabigo.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino na naniniwala na ang pag-ibig ay may kasamang sakripisyo.

Sa ikawalong hugot line na "Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala",

1. Ang talinhaga ay personipikasyon at metapora.
2. Ang tema ay pagtanggi sa katotohanan at pagiging bulag sa pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay sumasalamin sa karanasan ng mga taong nananatili sa maling relasyon.
4. Sa kontekstong kultural kaugnay ng kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa katapatan kahit sa kabila ng hirap.

Sa ikasiyam na hugot line na "Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin",

1. Ang talinhaga ay pag-uulit ng salitang "mali" upang bigyang-diin ang mensahe.
2. Ang tema ay pagtanggap sa katotohanan at pagbitaw sa maling relasyon.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay paalala sa mga kabataan na huwag ipilit ang hindi para sa kanila.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa paniniwala ng mga Pilipino sa tadhana at tamang panahon.

Sa huling hugot line na "May mga taong mahal ka lang kapag convenient",

1. Ang talinhaga ay metapora dahil inihalintulad ang pag-ibig sa pagiging makasarili.
2. Ang tema ay huwad na pag-ibig at hindi pantay na relasyon.
3. Sa kontekstong sosyal, karaniwang ipinapakita nito ang karaniwang karanasan ng mga tao sa relasyon at pagkabigo.
4. kontekstong kultural, ito ay sumasalamin sa modernong karanasan ng mga Pilipino sa pag-ibig kung saan mas pinapahalagahan ang praktikalidad kaysa sa tunay na sakripisyo at katapatan.

Narito ang pagsusuri sa kasagutan ng Kalahok 8 sa bawat hugot lines, talinhaga nito, tayutay, tema, at ang konteksto nito.
Ang unang hugot line na "Dalawang beses lang naman kita gustong makasama: now and forever"

1. Ang talinhaga na ginamit ay balintuna o irony, sapagkat tila kaunti lamang ang hiling—dalawang beses—ngunit sa katotohanan ay buong buhay pala.
2. Ang tema ay walang hanggang pag-ibig at romansa.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay bahagi ng modernong panliligaw ng kabataan sa chat o personal.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino na mahilig sa Taglish bilang manipestasyon ng makabagong komunikasyon.

Sa ikalawang hugot line na "Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako",

1. Ang talinhaga ay metapora dahil inihalintulad ang pag-ibig sa palitan ng regalo.
2. Ang tema ay mutual na pagmamahal at pag-aalay ng sarili.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay karaniwang naririnig sa mga magkasintahan o nagkaka-debelopan.
4. Sa kontekstong kultural na kaugnay ng tradisyon ng Pasko sa Pilipinas kung saan uso ang palitan ng regalo bilang tanda ng pagbibigayan.

Sa ikatlong hugot line na "Ang pag-ibig ko parang langka… LANGKAtapusan",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad at palarong-salita.
2. Ang tema ay katapatan at pangakong walang wakas.
3. Sa konteksto, ito ay ginagamit bilang pambasag-pula o panunukso sa barkadahan.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa hilig ng mga Pilipino sa paglalaro ng salita at pag-uugnay ng pagkain sa emosyon.

Sa ikaapat na hugot line na "Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo. Tandaan: sweet nga ang candy, pero nakabalot naman sa plastic",

1. Ang talinhaga ay metapora.
2. Ang tema ay kataksilan at babala laban sa huwad na pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay kaugnay ng karanasan ng marami sa ghosting o panloloko.
4. Sa kontekstong kultural na sumasalamin sa kulturang Pilipino kung saan ang salitang "plastic" ay kolokyal na termino para sa pekeng pakikisama.

Sa ikalimang hugot line na "Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad.
2. Ang tema ay paghanga mula sa malayo.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay sumasalamin sa buhay-estudyante kung saan pinagsasabay ang pag-aaral at ang pagkakaroon ng crush.
4. Sa kontekstong kultural kaugnay ng kulturang Pilipino ng pagiging mahiyain o torpe.

Sa ika-anim na hugot line na "Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority",

1. Ang talinhaga ay pagtatambis.
2. Ang tema ay realidad ng pagpapahalaga at kawalan ng interes.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay sumasalamin sa modernong relasyon kung saan ang bilis ng pag-reply sa chat ay nagiging basehan ng interes.
4. Sa kontestong kultural kaugnay ng kulturang Pilipino na natututo nang maging realistiko sa pag-ibig.

Sa ikapitong hugot line na "Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package",

1. Ang talinhaga ay metapora.
2. Ang tema ay pagtanggap sa sakit bilang bahagi ng pagmamahal.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay nagsisilbing payo sa mga brokenhearted at nagsisimula pa lang magmahal.
4. Sa kontekstong kultural kaugnay ng kulturang Pilipino na handang magsakripisyo sa ngalan ng pag-ibig.

Sa ikawalong hugot line na "Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala",

1. Ang talinhaga ay personipikasyon at paggamit ng cliché.
2. Ang tema ay denial o pagtanggi sa katotohanan.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay karaniwang obserbasyon sa mga taong paulit-ulit na nasasaktan ngunit hindi nadadala.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino na mas pinapairal ang puso kaysa sa utak.

Sa ikasiyam na hugot line na "Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin",

1. Ang talinhaga ay pag-uulit ng salitang "mali."
2. Ang tema ay pagtanggap sa kapalaran at tadhana.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay paalala sa lipunan na huwag ipilit ang sarili sa mga relasyong nakasisira.
4. Sa kontekstong kultural kaugnay ng paniniwala ng mga Pilipino sa tamang panahon at tamang tao.

Sa huling hugot line na "May mga taong mahal ka lang kapag convenient",

1. Ang talinhaga ay balintuna.
2. Ang tema ay kondisyonal na pagmamahal at pagsasamantala.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay babala laban sa mga taong nariyan lang kapag may kailangan.
4. Sa kontekstong kultural kaugnay ng kulturang Pilipino ng "pakikisama" na minsan ay nababahiran ng pansariling interes.

Narito ang pagsusuri sa kasagutan ng Kalahok 9 sa bawat hugot lines, talinhaga nito, tayutay, tema, at ang konteksto nito.
Ang unang hugot line na "Dalawang beses lang naman kita gustong makasama: now and forever" ay nagpapakita ng

1. Ang talinhaga na ginamit ay balintuna o pagsalungat, sapagkat tila kaunti lamang ang hiling—dalawang beses—ngunit sa katotohanan ay buong buhay pala.
2. Ang tema ay walang hanggang pag-ibig at romansa.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay bahagi ng modernong panliligaw ng kabataan sa chat o personal.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino na gumagamit ng Taglish bilang manipestasyon ng makabagong komunikasyon.

Sa ikalawang hugot line na "Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako",

1. Ang talinhaga ay metapora dahil inihalintulad ang pag-ibig sa palitan ng regalo.
2. Ang tema ay mutual na pagmamahal at pag-aalay ng sarili.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay karaniwang naririnig sa mga magkasintahan o nagkaka-debelopan.
4. Sa kontekstong kultural kaugnay ng tradisyon ng Pasko sa Pilipinas kung saan uso ang palitan ng regalo bilang tanda ng pagbibigayan.

Sa ikatlong hugot line na "Ang pag-ibig ko parang langka… LANGKAtapusan",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad at palarong-salita.
2. Ang tema ay katapatan at pangakong walang wakas.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay ginagamit bilang pambasag-pula o panunukso sa barkadahan.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa hilig ng mga Pilipino sa paglalaro ng salita at pag-uugnay ng pagkain sa emosyon.

Sa ikaapat na hugot line na "Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo. Tandaan: sweet nga ang candy, pero nakabalot naman sa plastic",

1. Ang talinhaga ay metapora.
2. Ang tema ay kataksilan at babala laban sa huwad na pag-ibig.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay kaugnay ng karanasan ng marami sa ghosting o panloloko.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino kung saan ang salitang "plastic" ay kolokyal na termino para sa pekeng pakikisama.

Sa ikalimang hugot line na "Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad.
2. Ang tema ay paghanga mula sa malayo.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay sumasalamin sa buhay-estudyante kung saan pinagsasabay ang pag-aaral at ang pagkakaroon ng crush.
4. Sa kontekstong kultural kaugnay ng kulturang Pilipino ng pagiging mahiyain o torpe.

Sa ika-anim na hugot line na "Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority",

1. Ang talinhaga ay pagtatambis.
2. Ang tema ay realidad ng pagpapahalaga at kawalan ng interes.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

3. Sa kontekstong sosyal, ito ay sumasalamin sa modernong relasyon kung saan ang bilis ng pag-reply sa chat ay nagiging basehan ng interes.
4. Sa kontekstong kultural kaugnay ng kulturang Pilipino na natututo nang maging realistiko sa pag-ibig.

Sa ikapitong hugot line na "Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package",

1. Ang talinhaga ay metapora.
2. Ang tema ay pagtanggap sa sakit bilang bahagi ng pagmamahal.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay nagsisilbing payo sa mga brokenhearted at nagsisimula pa lang magmahal.
4. Sa kontekstong kultural kaugnay ng kulturang Pilipino na handang magsakripisyo sa ngalan ng pag-ibig.

Sa ikawalong hugot line na "Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala",

1. Ang talinhaga ay personipikasyon at paggamit ng cliché.
2. Ang tema ay denial o pagtanggi sa katotohanan.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay karaniwang obserbasyon sa mga taong paulit-ulit na nasasaktan ngunit hindi nadadala.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino na mas pinapairal ang puso kaysa sa utak.

Sa ikasiyam na hugot line na "Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin",

1. Ang talinhaga ay pag-uulit ng salitang "mali."
2. Ang tema ay pagtanggap sa kapalaran at tadhana.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay paalala sa lipunan na huwag ipilit ang sarili sa mga relasyong nakasisira.
4. Sa kontekstong kultural kaugnay ng paniniwala ng mga Pilipino sa tamang panahon at tamang tao.

Sa huling hugot line na "May mga taong mahal ka lang kapag convenient",

1. Ang talinhaga ay balintuna.
2. Ang tema ay kondisyonal na pagmamahal at pagsasamantala.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay babala laban sa mga taong nariyan lang kapag may kailangan.
4. Sa kontekstong kultural kaugnay ng kulturang Pilipino ng "pakikisama" na minsan ay nababahiran ng pansariling interes.

Narito ang pagsusuri sa kasagutan ng Kalahok 10 sa bawat hugot lines, talinhaga nito, tayutay, tema, at ang konteksto nito.

Ang unang hugot line na "Dalawang beses lang naman kita gustong makasama: now and forever" ay nagpapakita ng

1. Ang talinhaga na ginamit ay pagmamalabis o hyperbole, sapagkat pinalalabis ang damdamin upang ipakita ang tindi ng katapatan.
2. Ang tema ay pag-ibig at katapatan.
3. Sa kontekstong sosyal, ipinapakita nito ang matibay na damdamin at pagpapahalaga sa relasyon.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa tunay at lubos na pagmamahal.

Sa ikalawang hugot line na "Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako",

1. Ang talinhaga ay metapora o pagtutulad, dahil inihalintulad ang pag-ibig sa palitan ng regalo.
2. Ang tema ay pag-ibig at pagtitiwala.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay nagpapakita ng romantikong pag-aangkin ng damdamin.
4. Sa kontekstong kultural na kaugnay ng tradisyon ng Pasko sa Pilipinas kung saan ang palitan ng regalo ay tanda ng pagbibigayan.

Sa ikatlong hugot line na "Ang pag-ibig ko parang langka… LANGKAtapusan",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad gamit ang salitang "parang."
2. Ang tema ay pagmamahal na walang hangganan.
3. Sa kontekstong sosyal, ginagamit sa pagpapahayag ng isang damdamin sa paraang magaan at nakakaaliw.
4. Sa kontekstong kultural, ito ay nagpapakita ng ugaling Filipino na mapagpatawa sa pagpapahayag ng damdamin, na bagaman magaan ay may malalim na kahulugan.

Sa ikaapat na hugot line na "Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo. Tandaan: sweet nga ang candy, pero nakabalot naman sa plastic",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad at metapora.
2. Ang tema ay paimbabaw na pagmamahal.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay nagpapakita ng kawalan ng katapatan.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino na nagbibigay-babala laban sa mga taong mapagpanggap.

Sa ikalimang hugot line na "Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang",

1. Ang talinhaga ay pagtutulad.
2. Ang tema ay paghanga mula sa malayo.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay nagpapakita ng sikolohiya ng paghanga na hindi humihingi ng kapalit.
4. Sa kontekstong kultural,sumasalamin sa kulturang Pilipino ng pagiging torpe o mahiyain sa pag-ibig.

Sa ika-anim na hugot line na "Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority",

1. Ang talinhaga ay pahiwatig, sapagkat hindi direktang sinasabi ang kawalan ng interes ngunit ipinahihiwatig ito.
2. Ang tema ay pag-ibig, pagpapahalaga, at katotohanan sa relasyon.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay nagpapakita ng karaniwang sitwasyon sa mga relasyon kung saan may kakulangan ng oras at atensyon.
4. Sa kontekstong kultural na sumasalamin sa kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa oras bilang tanda ng pagmamahal.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

Sa ikapitong hugot line na "Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package",

1. Ang talinhaga ay metapora dahil inihalintulad ang pag-ibig sa isang package na may kasamang pagdurusa.
2. Ang tema ay pag-ibig, sakripisyo, at pagtanggap sa mga pagsubok.
3. Sa kontekstong sosyal na sumasalamin sa isang relasyon na humaharap sa mga emosyonal na hamon at pagkabigo na nararasan ng maraming tao sa lipunan.
4. Sa kontekstong kultural ito ay sumasalamin sa paniniwalang Pilipino na ang tunay na pagmamahal ay may kaakibat na pagtitiis at katatagan.

Sa ikawalong hugot line na "Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala",

1. Ang talinhaga ay metapora.
2. Ang tema ay pag-ibig, pagtitiwala, at pagtanggap.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay nagpapakita kung paano naaapektuhan ng damdamin ang paghatol ng tao sa relasyon, at
4. Sa kontekstong kultural na sumasalamin sa kulturang Pilipino na handang magsakripisyo alang-alang sa pag-ibig.

Sa ikasiyam na hugot line na "Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin",

1. Ang talinhaga ay pagmamalabis at pag-uulit ng salitang "mali."
2. Ang tema ay pagtanggap sa katotohanan at tamang pagpili ng kapareha.
3. Sa kontekstong sosyal, ito ay nagpapakita na may mga relasyon na hindi nagiging maayos kahit pilitin.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa paniniwalang Pilipino na may nakalaang tamang tao para sa bawat isa.

Sa huling hugot line na "May mga taong mahal ka lang kapag convenient",

1. Ang talinhaga ay ironiya, sapagkat ipinapakita ang pagkakaiba ng inaasahang wagas na pagmamahal at ng pagmamahal na ibinibigay lamang kapag may pakinabang.
2. Ang tema ay pagmamahal, pagkukunwari, at pansariling interes.
3. Sa kontekstong sosyal , ito ay nagpapakita ng realidad sa lipunan na may mga taong nakikipag-ugnayan lamang kapag may benepisyo.
4. Sa kontekstong kultural sumasalamin sa kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa katapatan at tunay na malasakit sa relasyon.

**Talahanayan 1: Isinagawang pagsusuri batay sa Hugot lines batay sa elementong Talinhaga**

| Hugot lines | **Talinhaga** | **Kadalasan** | **Ranggo** |
|---|---|---|---|
| 1. Dalawang beses lang naman kita gustong makasama: now and forever. | Pagmamalabis | 8 | 1 |
| | Balintuna | 4 | 2 |
| | Paradoks | 3 | 3 |
| | Oksimoron | 2 | 4 |
| | Pagtatambis | 1 | 5 |
| 2. Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako. | Metapora | 8 | 1 |
| | Paralelismo | 2 | 2 |
| | Antitesis | 1 | 3 |
| 3. Ang pag-ibig ko parang langka... LANGKATAPUSAN. | Pagtutulad | 9 | 1 |
| | Pagmamalabis | 1 | 2 |
| 4. Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo. Tandaan: sweet nga ang candy, pero nakabalot naman sa plastic. | Metapora | 7 | 1 |
| | Pagtutulad | 4 | 2 |
| | Pagtatambis | 1 | 3 |
| 5. Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang. | Pagtutulad | 8 | 1 |
| | Metapora | 2 | 2 |
| | Ironiya | 1 | 3 |
| 6. Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority. | Pagtatambis | 5 | 1 |
| | Ironiya | 3 | 2 |
| | Pagpapalit saklaw | 2 | 3 |
| | Idyoma | 1 | 4 |
| 7. Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package. | Metapora | 10 | 1 |
| | Ironiya | 1 | 2 |
| 8. Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala. | Personipikasyon | 8 | 1 |
| | Metapora | 3 | 2 |
| | Idyoma | 2 | 3 |
| | Pagwawangis | 1 | 4 |
| 9. Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin. | Pag-uulit | 10 | 1 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Pagmamalabis | 1 | 2 |
| 10. May mga taong mahal ka lang kapag convenient. | Pang-uuyam | 9 | 1 |
| | Balintuna | 6 | 2 |
| | Pagwawangis/metapora | 5 | 3 |
| | Pagtatambis | 2 | 4 |
| | Pagtutulad | 1 | 5 |

Batay sa pagsusuring isinagawa sa mga Hugot lines batay sa tayutay napag-alaman na sa unang linya ito ay kinapapalooban ng pagmamalabis na nasundan ng balintuna at paradoks. Sa ikalawang linya ang tatlong nangungunang talinhaga ay ang Metapora, Paralelismo at Antitesis. Samantala, sa ikatlong linya ang talinhaga lamang ang naitala kung ang pagtutulad na sinundan ng pagmamalabis.

Sa ikaapat na linya ang mga nangungunang talinhaga ay ang metapora, pagtutulad, at pagtatambis Sa ikalimang nanguna ang pagtutulad na sinundan ng metapora at ironiya. Sa ikaanim na linya ang tatlong pinakaadalas gamitin ay ang pagtatambis, ironiya, at pagpapalit saklaw.

Para sa ikapitong linya dalawang talinhaga lamang ang naitala kung saan nanguna ang metapora at nasundan ng ironiya. Sa ikawalong linya ang tatlong nangunguna ay ang personipikasyon, metapora at idyoma. Sa ikasiyam na linya dalawa rin ang naitala kung saan nanguna ang pag-uulit bago ang Pagmamalabis. At sa huling linya nangungunang talinhaga ay ang Pang-uuyam, balintuna, at pagwawangis/metapora. Ang iba pang mga tayutay na nakapaloob sa mga sinuring Hugot lines ay makikita sa talahanayan sa unahan.

**Talahanayan 2:Isinagawang pagsusuri batay sa Hugot lines batay sa elementong Tema**

| Hugot lines | Tema | Kadalasan | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Dalawang beses lang naman kita gustong makasama: now and forever. | Pag-ibig na walang katapusan | 8 | 1 |
| | Pangangako | 4 | 2 |
| | Katapatan | 3 | 3 |
| 2. Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako. | Pagpapahayag ng Pag-ibig | 8 | 1 |
| | Pagmamahal na may Pagtutumbas | 2 | 2 |
| | Katapatan | 1 | 3 |
| 3. Ang pag-ibig ko parang langka... LANGKATAPUSAN. | Pag-ibig na walang katapusan | 9 | 1 |
| | Katapatan | 3 | 2 |
| | Pangangako | 1 | 3 |
| 4. Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo. Tandaan: sweet nga ang candy, pero nakabalot naman sa plastic. | Mapanlinlang na ugali | 8 | 1 |
| | Panloloko | 4 | 2 |
| | Katapatan | 3 | 3 |
| | Pag-ibig | 2 | 4 |
| 5. Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang. | Paghanga mula sa malayo | 8 | 1 |
| | Pagtanggap sa katotohanan | 4 | 2 |
| | Pag-ibig | 2 | 3 |
| 6. Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority. | Pababaliwala | 8 | 1 |
| | Pagpapahalaga | 4 | 2 |
| | Pag-ibig | 2 | 3 |
| 7. Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package. | Sakit ng pagmamahal | 7 | 1 |
| | Sakripisyo | 6 | 2 |
| | Pag-ibig | 3 | 3 |
| 8. Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala. | Pagbubulag-bulagan | 9 | 1 |
| | Ilusyon | 3 | 2 |
| | Pag-ibig | 2 | 3 |
| | Pagtanggi na katotohanan | 1 | 4 |
| 9. Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin. | Realidad ng buhay | 9 | 1 |
| | Paglaya sa sitwasyon | 7 | 2 |
| | Maling desisyon | 5 | 3 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 10. May mga taong mahal ka lang kapag convenient. | Kondisyunal na pagmamahal | 7 | 1 |
| | Pagkukunwari | 5 | 2 |
| | Katapatan laban sa sariling kapakanan | 3 | 3 |

Batay sa pagsusuring isinagawa sa mga Hugot lines batay sa tema napag-alaman na sa unang linya ang temang pag-ibig na walang katapusan na nasundan ng pangangako at katapatan. Sa ikalawang linya ang tatlong nangungunang tema ay ang pagpapahayag ng Pag-ibig, pagmamahal na may pagtutumbas at katapatan. Sa ikatlong linya nanguna ang Pag-ibig na walang katapusan, na sinundan ng katapatan at pangangako.

Sa ikaapat na linya ang mga nangungunang tema ay mapanlinlang na ugali, panloloko, at katapatan. Sa ikalimang linya ang paghanga mula sa malayo na nasundan ng pagtanggap sa katotohanan at pag-ibig Sa ikaanim na linya naman nangungunang tema ay pababaliwala, pagpapahalaga at Pag-ibig.

Para sa ikapitong linya, nanguna ang temang sakit ng pagmamahal na sinundan ng sakripisyo at pag-ibig. Sa ikawalong linya ang tatlong nangunguna ay ang pagbubulag-bulagan, ilusyon, at pag-ibig. Sa ikasiyam na linya ang mga nangungunang tema ay realidad ng buhay, paglaya sa sitwasyon at maling desisyon. At sa huling linya kinapapalooban ng kondisyunal na pagmamahal, pagkukunwari at katapatan laban sa sariling kapakanan. Ang iba pang mga tema na nakapaloob sa mga sinuring Hugot lines ay makikita sa talahanayan sa unahan.

**Talahanayan 3: Isinagawang pagsusuri batay sa Hugot lines batay sa elementong Kontekstong Sosyal.**

| Hugot lines | Kontekstong Sosyal | Kadalasan | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Dalawang beses lang naman kita gustong makasama: now and forever. | Wagas at panghabambuhay na pagmamahalan | 9 | 1 |
| | Ginagamit bilang pangako | 5 | 2 |
| | Panliligaw/modernong paraan ng pakikipagtalastasan | 3 | 3 |
| | Seryosong relasyon | 2 | 4 |
| 2. Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako. | Pagbibigay ng oras, pagmamahal kaysa material | 7 | 1 |
| | Mutual na kagustuhan | 4 | 2 |
| | Pagbibigayan sa panahon ng kapaskohan | 3 | 3 |
| | Usapan sa panliligaw | 2 | 4 |
| | Pabibigay label sa relasyon | 1 | 5 |
| 3. Ang pag-ibig ko parang langka... LANGKATAPUSAN. | Pagpapakita ng damdaming walang katapusa | 9 | 1 |
| | Pangangako ng pangmatagalan | 6 | 2 |
| | Pabirong hugot | 4 | 3 |
| | Ugaling pagkahilig sa landian | 3 | 4 |
| 4. Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo. Tandaan: sweet nga ang candy, pero nakabalot naman sa plastic. | Pagbibigay babala sa ugali ng tao | 7 | 1 |
| | Karanasan sa relasyong puro maganda ang ipinapakita | 5 | 2 |
| | Mapagkunwari | 4 | 3 |
| 5. Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang. | Lihim na pagtingin | 9 | 1 |
| | Makabagong kasabihan sa paghanga | 5 | 2 |
| | Pagtatangi sa tao | 4 | 3 |
| | Sumasalamin na kayang pagsabayin ang pag-aaral | 2 | 4 |
| 6. Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority. | Sitwasyong hindi pagpapahalaga | 7 | 1 |
| | Pagkawalang interes sa tao | 5 | 2 |
| | Modernong paraan ng pagdadahilan | 3 | 3 |
| | Konsepto ng komunikasyon | 2 | 4 |
| 7. Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package. | Kahandaang sa mapait na mangyayari | 8 | 1 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Handang sumugal sa isang pag-ibig | 5 | 2 |
| | Pagkamatapang | 4 | 3 |
| | Realidad ng pag-ibig | 2 | 4 |
| 8. Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala. | Pagbubulag-bulagan | 9 | 1 |
| | Pagsisikap na makita ang kabutihan sa likod ng kamalian | 4 | 2 |
| | Pananatili sa maling sitwasyon | 3 | 3 |
| 9. Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin. | Paalala sa pagpili ng bagay kahit mali | 8 | 1 |
| | Pagpili sa maling tao | 5 | 2 |
| | Pagpilit ng isang bagay na hindi dapat para sayo | 4 | 3 |
| | Pagpili sa sarili | 3 | 4 |
| 10. May mga taong mahal ka lang kapag convenient. | Kondisyunal na pagmamahal | 8 | 1 |
| | Babala sa mapagpanggap na tao | 6 | 2 |
| | Pagiging materyalismo at praktikal | 4 | 3 |

Batay sa pagsusuring isinagawa sa mga Hugot lines batay sa kontekstong sosyal na sa unang linya nanguna ang kontekstong wagas at panghabambuhay na pagmamahalan na sinundan ng ginagamit bilang pangako at panliligaw/modernong paraan ng pakikipagtalastasan. Sa ikalawang linya ang tatlong nangungunang kontekstong sosyal ay ang pagbibigay ng oras, pagmamahal kaysa material, mutual na kagustuhan at pagbibigayan sa panahon ng kapaskohan. Sa ikatlong linya nanguna ang pagpapakita ng damdaming walang katapusa na sinundan ng pangangako ng pangmatagalan at pabirong hugot.

Sa ikaapat na linya ang mga nangungunang kontekstong sosyal ay pagbibigay babala sa ugali ng tao, karanasan sa relasyong puro maganda ang ipinapakita at mapagkunwari. Sa ikalimang linya na kinapapalooban ng lihim na pagtingin na nasundan ng makabagong kasabihan sa paghanga at pagtatangi sa tao. Sa ikaanim na linya naman ang tatlong nangunguna ay sitwasyong hindi pagpapahalaga, pagkawalang interes sa tao at modernong paraan ng pagdadahilan.

Para sa ikapitong linya, nanguna ang kahandaang sa mapait na mangyayari na sinundan ng handang sumugal sa isang pag-ibig at pagkamatapang. Sa ikawalong linya ang tatlong nangungunang kontekstong sosyal ay ang pagbubulag-bulagan, pagsisikap na makita ang kabutihan sa likod ng kamalian at pananatili sa maling sitwasyon. Sa ikasiyam na linya nanguna ang paalala sa pagpili ng bagay kahit mali na sinundan ng pagpili sa maling tao at pagpilit ng isang bagay na hindi dapat para sayo. At sa huling linya ang tatlong nangungunang kontekstong sosyal ay kondisyunal na pagmamahal, babala sa mapagpanggap na tao, at pagiging materyalismo at praktikal. Ang iba pang mga kontekstong sosyal na nakapaloob sa mga sinuring Hugot lines ay makikita sa talahanayan sa unahan.

**Talahanayan 4: Isinagawang pagsusuri batay sa Hugot lines batay sa elementong Kontekstong Kultural.**

| Hugot lines | Kontekstong Kultural | Kadalasan | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Dalawang beses lang naman kita gustong makasama: now and forever. | Panghabang buhay na pagmamahalan | 5 | 1 |
| | Katapatan | 4 | 2 |
| | Proseso ng ligawan | 3 | 3 |
| | Pagiging marubdok sa tao | 1 | 4 |
| 2. Mag-exchange gift tayo? Akin ka, sa'yo naman ako. | Pagbibigay pagmamahal sa isang tao | 8 | 1 |
| | Transaksyunal na usapan | 3 | 2 |
| | Pagmamahalan | 2 | 3 |
| | Katapatan | 1 | 4 |
| 3. Ang pag-ibig ko parang langka... LANGKATAPUSAN. | Paggamit ng biro | 7 | 1 |
| | Malikhaing pagpapahayag ng damdamin | 6 | 2 |
| | Pag-uugnay ng pagkain sa emosyon | 4 | 3 |
| 4. Hindi lahat ng sweet ay loyal sa'yo. Tandaan: sweet nga ang candy, pero nakabalot naman sa plastic. | Pagbibigay halaga sa katapatan kaysa matatamis na salita | 8 | 1 |
| | Repleksyon ng kabataan na gumagamit ng hugot lines | 4 | 2 |
| | Pagtukoy sa panloob na damdamin kaysa sa panlabas | 3 | 3 |
| | Kaugnay ng salitang "plastic" bilang termino sa mapagpanggap | 1 | 4 |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5. Ang crush parang math problem, kung hindi mo makuha, titigan mo na lang. | Ligaw tingin sa mga Pilipino | 8 | 1 |
| | Pagkatorpe | 5 | 2 |
| | Nagpapakita ng pagkamalikhain sa araw-araw | 3 | 3 |
| | Damdaming nakatago | 2 | 4 |
| 6. Kapag sinabi niyang busy siya, minsan totoo. Pero minsan, hindi ka lang priority. | Paggamit ng palusot | 10 | 1 |
| | Konsepto ng prayoridad | 9 | 2 |
| | Pakipot/paasa | 3 | 3 |
| 7. Kapag ikaw ay nagmahal, dapat handa kang masaktan. Libre iyon sa package. | Paniniwalang ang pag-ibig ay may kasamang hirap at sakit | 9 | 1 |
| | Prinsipyo ng pagtitiisa sa gitna ng hirap | 7 | 2 |
| | Matatag at marubdob | 3 | 3 |
| 8. Love is blind. Kaya minsan kahit obvious na, ayaw mo pa ring maniwala. | Ugaling ng pananatili | 8 | 1 |
| | Pagiging martir sa pag-ibig | 5 | 2 |
| | Katapatan sa gitna ng hirap | 4 | 3 |
| | Kasabihang Pilipino | 3 | 4 |
| 9. Ang maling tao, kahit anong pilit mo, mali pa rin. | Paniniwalang tamang tao at tamang panahon | 7 | 1 |
| | Ugaling pagpilit ng mali dahil sa pag-ibig | 7 | 1 |
| | Paniniwala sa kapalaran at panahon | 4 | 2 |
| 10. May mga taong mahal ka lang kapag convenient. | Panlilinlang at panlalamang | 6 | 1 |
| | Pag-iisip ng pansariling interes | 4 | 2 |
| | Katapatan at sakripisyo | 3 | 3 |
| | Pagbibigay halaga sa pagiging totoo | 2 | 4 |

Batay sa pagsusuring isinagawa sa mga Hugot lines batay sa sosyo-kultural napag-alaman na sa unang linya, nanguna ang kontekstong panghabang buhay na pagmamahalan na sinundan ng katapatan at proseso ng ligawan. Sa ikalawang linya ang tatlong nangungunang kontekstong kultural ay ang pagbibigay pagmamahal sa isang tao, transaksyunal na usapan at pagmamahalan. Sa ikatlong linya nanguna ang paggamit ng biro na sinundan ng, malikhaing pagpapahayag ng damdamin at pag-uugnay ng pagkain sa emosyon.

Sa ikaapat na linya ang mga nangungunang kontekstong kultural ay pagbibigay halaga sa katapatan kaysa matatamis na salita, repleksyon ng kabataan na gumagamit ng hugot lines at pagtukoy sa panloob na damdamin kaysa sa panlabas. Sa ikalimang linya ang ligaw tingin sa mga Pilipino na nasundan ng pagkatorpe at nagpapakita ng pagkamalikhain sa araw-araw. Sa ikaanim na linya ang tatlong nangunguna ay paggamit ng palusot, konsepto ng prayoridad at pakipot/paasa.

Para sa ikapitong linya, nanguna ang paniniwalang ang pag-ibig ay may kasamang hirap at sakit na sinundan ng prinsipyo ng pagtitiisa sa gitna ng hirap at matatag at marubdob. Sa ikawalong linya ang tatlong nangunguna ay ang ugaling ng pananatili, pagiging martir sa pag-ibig at katapatan sa gitna ng hirap. Sa ikasiyam na linya, nagtabla sa unang puwesto ang paniniwalang tamang tao at tamang panahon at ugaling pagpilit ng mali dahil sa pag-ibig na sinundan ng paniniwala sa kapalaran at panahon. At sa huling linya ang tatlong nangungunang kontekstong kultural ay panlilinlang at panlalamang, pag-iisip ng pansariling interes at katapatan at sakripisyo. Ang iba pang mga kontekstong kultural na nakapaloob sa mga sinuring Hugot lines ay makikita sa talahanayan sa unahan.

Mula sa mga sagot ng sampung kalahok, lumitaw na ang hugot lines ay nagsisilbing makabuluhang paraan ng pagpapahayag ng damdamin ng kabataan at ng mga Pilipino sa pangkalahatan. Ang bawat linya ay naglalaman ng talinhaga na nagpapalalim sa kahulugan ng pag-ibig-mula sa wagas na pagmamahal, sakripisyo, at katapatan, hanggang sa kabiguan, panloloko, at huwad na relasyon.

1. Daluyan ng Malikhaing Pagpapahayag at Sining ng Wika. (Talinhaga) Ginagampanan ng hugot lines ang papel bilang isang modernong anyo ng panitikan na nagpapanatili sa pagiging masining ng wikang Pilipino. Sa pamamagitan ng paggamit ng metapora, pagtutulad, pagmamalabis, at ironiya, nagiging kasangkapan ito upang ang mga abstract o malalalim na emosyon—tulad ng sakit, saya, at pag-aasam—ay maipahayag sa paraang madaling mauunawaan at makapupukaw ng damdamin ng kapwa.
2. Salamin ng Karaniwang Karanasan sa Relasyon (Tema). Nagsisilbi itong tagapag-ingat at tagapahayag ng katotohanan sa pag-ibig. Ipinapakita ng hugot lines ang dalawang mukha ng relasyon: ang ideal na bahagi (katapatan at pangako) at ang totoong karanasan (sakit, panloloko, at pagpapalaya). Kung saan nakikita ng tao na hindi sila nag-iisa sa kanilang pinagdaraanan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

3. Instrumento ng Modernong Pakikipagtalastasan (Kontekstong Sosyal) Sa kontekstong sosyal, ang hugot lines ay gumaganap bilang pamamaraan ng komunikasyon upang maiparating ang mga mensaheng mahirap sabihin nang direct o hayagan. Ginagamit ito bilang babala sa pag-uugali, pagpapadama ng lihim na pagtingin, o kaya'y panlaban sa kawalan ng interes at pagpapanggap sa isang relasyon sa modernong panahon.
4. Tagapangalaga ng Kulturang Pilipino at Pagkakakilanlan (Kontekstong Kultural) Lumalabas na ang hugot lines ay nagpapatuloy sa mga tradisyonal at katutubong values ng mga Pilipino. Nasasalamin dito ang mga gawi sa panliligaw (tulad ng *ligaw-tingin* at *pagkatorpe*), ang paniniwala sa kapalaran o "tamang panahon," at ang kultural na pagpapahalaga sa pagtitiis at pagiging "martir" sa ngalan ng pag-ibig. Nagsisilbi itong tulay na nag-uugnay sa lumang kaisipan at sa modernong kamalayan ng lipunan.

Sa kabuuan, ang mga sagot ng kalahok ay nagpapakita na ang hugot lines ay naging makabagong anyo ng panitikan na ginagamit ng kabataan upang ipahayag ang kanilang emosyon. Ito ay sumasalamin sa kulturang Pilipino na nagbibigay-halaga sa katapatan, sakripisyo, at tunay na pagmamahal, ngunit kritikal din sa mga huwad na relasyon. Ito ay nagpatunay na ang hugot lines ay hindi lamang biro o patama, kundi bahagi ng mas malalim na diskurso sa lipunan at kultura ng mga Pilipino.

**Konklusyon**

Batay sa pag-aaral na isinagawa, natuklasan ang mga sumusunod;

Ang Wika bilang Kalasag Laban sa Akademikong Pagkabalisa: Ang wikang Filipino ay hindi lamang isang simpleng kasangkapan sa komunikasyon, kundi isang kritikal na emotional buffer o emosyonal na kalasag sa edukasyon sa mga mag-aaral sa STEM. Pinapatunayan nito ang Teorya ng Social Constructivism ni Vygotsky na ang pagkatuto ay mas nagiging masigla at demokratiko kung ang wika ng talakayan ay nakaugat sa kultura at kognitibong realidad ng mga mag-aaral.

Paglinang ng Akademikong Diskurso: Alinsunod sa teoryang Cognitive Academic Language Proficiency (CALP) ni Jim Cummins, ang kasanayan sa wika ay hindi lamang nakasalalay sa pang-araw-araw at simpleng pakikipag-usap (na tinatawag niyang BICS o Basic Interpersonal Communication Skills), kundi nakatuon din sa pormal at akademikong kakayahan sa loob ng silid-aralan. Ipinapakita ng CALP na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng mas malalim na kasanayan upang maunawaan, masuri at maipahayag ang mga abstrakto at espesyalisadong konsepto. Sa asignaturang Filipino, hindi sapat na marunong lamang magsalita ang estudyante; kailangan din nilang makuha ang kakayahang makapagbasa, makapagsulat, at makapagtanggol ng mga teorya o kaisipang pang-akademiko gamit ang sariling wika. Ang paggamit ng pamilyar na wika ay epektibong bumabasag sa mekanikal at walang-malay na pagsasaulo (rote memorization) ng mga pormula sa STEM. Alinsunod sa teoryang Cognitive Academic Language Proficiency (CALP) ni Cummins, kapag sa Filipino nakuha ng bata ang tunay na "diwa" ng isang siyentipikong proseso, mas madali na itong mailipat at maiintindihan.

Ang Bilingguwalismo bilang Lehitimong Pedagohiya: ay tumutukoy sa pagkilala at paggamit ng dalawang wika (tulad ng Filipino at Mother Tongue) hindi lamang bilang simpleng midyum ng pakikipag-usap, kundi bilang isang syentipiko, pormal, at matibay na pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto sa loob ng silid-aralan. tinatama nito ang maling pananaw na ang paggamit ng katutubong wika o bilingwalismo ay sagabal sa pagkatuto ng mga teknikal o mahihirap na paksa. Sa halip, itinuturing itong isang mabisang kasangkapan sa paghahatid ng de-kalidad na edukasyon. Sa kabila ng kakulangan sa estandardisadong katawagan, ang bilingguwalismo ay hindi kahinaan sa wika, kundi isang sopistikado at dinamikong estratehiya ng mga bilingguwal na guro at mag-aaral upang mapanatili ang mataas na antas ng pagsusuri (HOTS) at kritikal na pag-iisip sa silid-aralan.

Pangangailangan sa Institusyonal na Interbensyon: Ang tagumpay ng bilingguwal na edukasyon sa STEM ay hindi maaaring iasa lamang sa indibidwal na diskarte o pagsasalin ng mga guro. Hangga't walang sentralisadong estruktura, aklat-aralin, at pagsasanay mula sa gobyerno, mananatiling isang malaking pakikibaka ang lokalisasyon ng agham at matematika.

**Rekomendasyon**

Mula sa mga naging konklusyon ng pananaliksik, buong-pusong inihahain ang mga sumusunod na estratehikong rekomendasyon:

Para sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) at Pangasiwaan ng Paaralan. Pagtatag ng Filipino-STEM CONNECT Program (FSCP): Ipinapakita nito ang pangangailangan ng isang pormal na programa o hakbangin sa loob ng institusyong pang-edukasyon. Ang programang ito ay

naglalayong pag-ugnayin ang dalawang magkaibang larangan upang hindi maging hiwalay o eksklusibo ang Ingles sa mga teknikal na kurso. Nilalayon ng mungkahi na sanayin ang mga mag-aaral na maipahayag ang mga kumplikadong konseptong siyentipiko at matematikal gamit ang sariling wika. Sa pamamagitan nito, mas pinahahalagahan ang kakayahan ng Filipino bilang wikang ginagamit hindi lamang sa sining at humanidades kundi maging sa mataas na antas ng karunungan at teknolohiya.Pagpapatupad ng Pormal na LAC Sessions at Pagsasanay: Maglaan ng pormal na pondong oras at suporta para sa mga guro ng STEM upang magsagawa ng regular na Learning Action Cell (LAC) sessions at mga palihan (workshops) tuwing bakasyon. Layunin nitong sanayin ang mga guro sa wastong kontekstwalisasyon at estratehikong paggamit ng Filipino sa pagpapayaman nito.

Para sa mga Guro sa STEM Strand. Pagyakap sa Madiskarteng Bilingguwalismo: Hinihikayat ang mga guro na huwag matakot o mag-atubiling gamitin ang kombinasyon ng Filipino at Mother Tongue sa talakayan. Hindi dapat maging sagabal ang wikang banyaga upang hindi maunawaan ng mga mag-aaral ang mga aralin. Gumagamit ang guro ng "diskarte"tulad ng pagpapaliwanag, pagbibigay ng halimbawa, at pakikipagtalakayan sa wikang Filipino upang maging madulas ang daloy ng kaalaman. Pinagsasama nito ang lakas ng dalawang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 12| Issue: 8| August 2026|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2026: 8.753|| ISI Value: 1.188

wika: ang Mother Tongue at ang Filipino para sa malalim na pagpapaliwanag, pag-unawa, at emosyonal o mental na pagkaka-ugnay (connection) ng mga mag-aaral sa paksa. Mainam na panatilihin upang masigurong hindi nawawala ang eksaktong diwa ng teorya. Kolaboratibong Pagpaplano (Collaborative Planning): Paigtingin ang pagbabahagi ng mga lesson plans at teaching strategies sa pagitan ng mga kapwa guro sa STEM upang magkaroon ng kaisahan at maiwasan ang magkakaibang interpretasyon sa mga salin ng konsepto sa loob ng iisang paaralan.

Para sa mga Mag-aaral sa STEM. Aktibong Pakikilahok at Pagtangkilik sa Sariling Wika: Hinihikayat ang mga mag-aaral na gamitin ang kanilang wika bilang sandata sa pag-unawa at huwag mahiyang magpahayag ng saloobin o magtanong sa klase gamit ang Filipino. Dapat nilang yakapin na ang tunay na katalinuhan sa siyensya ay nasusukat sa lalim ng pag-unawa sa konsepto, at hindi sa tunog ng anyo ng wikang banyaga.

Para sa mga Susunod na Mananaliksik. Pinalawak na Pagsusuri: Iminumungkahi na magsagawa ng katulad na pag-aaral sa mas malawak na konteksto, gaya ng paghahambing sa pagitan ng mga pampubliko at pribadong paaralan, o kaya ay gumamit ng mixed methods na disenyo upang masukat kung may direktang ugnayan ang antas ng paggamit ng Filipino sa kalse sa aktwal na talakayan ng mga mag-aaral sa STEM strand.